Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Sta. Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG [redacted] PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BA[redacted]ANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASAN[redacted]NG IKA-6 NG OKTUBRE, 1997, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. NARCISO O. INFANTE............... PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo
Kgg. Heidi S. Ciriaco............... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.... Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon............... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez............. Kagawad
Kgg. Celestino D. Pamatmat.......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison............... Kagawad
Kgg. Miguel M. Asinas............... Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco............ Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Ariel T. Magcalas.............. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor.......... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 202-T'97

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 23-T'97/ORDINANSA SA KARAGDAGANG BADYET BLG. 03-T'97 NG SANG. BARANGAY V NA NAGLALAAN NG PONDONG NAGKAKAHALAGA NG TATLONG LIBO, SIYAMNARAANG PISO (P3,900.00) MULA SA LAANG GUGULIN PARA SA LAKAD-OPISYAL NG MGA KASAPI NG SANGGUNIANG BARANGAY V UPANG MAGAMIT BILANG KABAYARAN SA "ALLOWANCE NG MGA GURONG NANGASIWA SA PAGPAPAREHISTRO AT BARANGAY ELECTION NG TAONG ITO.

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng Sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 23-T'97 ng Sang. Barangay V na naglalaan ng halagang P3,900.00 mula sa laang gugulin o gastos para sa lakad-opisyal bilang kabayaran sa nakaraang pangkalahatang pagpaparehistro at halalang pambarangay ng taong ito;

**SAPAGKA'T,** ang naturang paglalaan ng pondo ay di sumisinsay sa mg batas at regulasyong napapaloob sa pagbabadyet ayon sa pagsusuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Heidi S. Ciriaco, Louie C. de Leon, Celestino D. Pamatmat at Bernardo E. Ison, at sinang-ayunan ng lahat na kagawad na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang kapasiyahan Blg. 23-T'97/Ordinansa sa Karagdagang Badyet Blg. 03-T'97 ng Sang. Brgy V na naglalaan ng pondong nagkakahalaga ng P3,900.00 mula sa laang gugulin para sa Lakad-Opisyal ng mga kasapi ng Sang. Brgy. V upang magamit bilang kabayaran sa "allowance" ng mga nangasiwa sa pagpaparehistro at Barangay Election ng taong ito;

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan/ Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan